MAKATARUNGANG LINGGO NG TRABAHO (FAIR WORK WEEK) LA

SHEET NG IMPORMASYON

ANG MGA RETAIL NA NEGOSYO NA MAY 300+ EMPLEYADO SA BUONG MUNDO AY KINAKAILANGANG MAGKALOOB NG HINDI PABAGO-BAGONG ISKEDYUL PARA SA MGA MANGGAGAWA ALINSUNOD SA ORDINANSA NG LUNGSOD NG LOS ANGELES SA MAKATARUNGANG LINGGO NG TRABAHO. NAAANGKOP ANG MGA REKISITONG ITO SA MGA RETAIL NA MANGGAGAWA NA KARAPAT-DAPAT SA MINIMUM NA SAHOD AT TRABAHO NA HINDI BABABA SA DALAWANG ORAS SA ISANG PARTIKULAR NA LINGGO PARA SA NASASAKLAW NA TAGAPAG-EMPLEYO SA LUNGSOD NG LOS ANGELES.

Ang mga Retail na Manggagawa ay may karapatan sa makatarungan at hindi pabago-bagong iskedyul ng trabaho.

ALAMIN ANG INYONG MGA KARAPATAN AT PROTEKSYON

PAUNANG ABISO

Ang iyong Iskedyul sa Trabaho ay dapat nakahanda 14 na araw bago pa man magsimula ang iskedyul.
Kung gumawa ang Tagapag-empleyo ng mga pagbabago sa iskedyul na ito sa hindi bababa sa 14 na araw bago pa man magsimula ito, karapat-dapat ka sa Predictability Pay.

PREDICTABILITY PAY

May karapatan kang tanggihan ang ilang pagbabago sa iyong Iskedyul ng Trabaho.
Gayunpaman, kung tinanggap mo ang ilang pagbabago, maaaring karapat-dapat ka sa Predictability Pay.
Hindi mo maaaring ipagpaubaya ang iyong karapatan sa Predictability Pay, ngunit maaaring ma-exempt ang mga Tagapag-empleyo mula sa pagbabayad ng Predictability Pay sa ilang kondisyon.

PAHINGA SA PAGITAN NG MGA SHIFT

Dapat magbayad ang mga Tagapag-empleyo ng rate na isa't kalahati ng oras (time and a half, 1.5) kung naka-iskedyul ka na magtrabaho ng closing shift sa isang araw at opening shift kinabukasan na mas mababa sa 10 oras ang pagitan ng nasabing mga shift.

PAGTATANTYA NANG MAY MABUTING HANGARIN

Dapat magkaloob sa iyo ang iyong Tagapag-empleyo ng pagtatantya ng iyong Iskedyul sa Trabaho sa hinaharap bago ka matanggap sa trabaho at sa loob ng 10 araw pagkatapos mong hilingin ito.

MGA KARAGDAGANG KARAPATAN AT PROTEKSYON

- Hindi mo kailangang maghanap ng papalit sa iyo kung hindi ka nakapasok sa iyong shift para sa isang dahilan na protektado ng batas.
- Ang karagdagang mga oras ng trabaho ay dapat ialok sa kasalukuyang mga Empleyado bago maaaring kumuha ng bagong mga manggagawa ang Tagapag-empleyo.

Ito ay buod ng ilang probisyon ng Ordinansa sa Makatarungang Linggo ng Trabaho. Para sa kumpletong mga rekisito, sumangguni sa LAMC Ch. XVIII Art. 5 Sek. 185 at Art. 8 Sek. 188.

Maaari kang maghain ng paghahabol kaugnay ng Makatarungang Linggo ng Trabaho (Fair Work Week) o mag-ulat ng paghihiganti sa Opisina ng mga Pamantayan sa Sahod.
Alamin ang tungkol sa proseso na Notice to Cure at kung paano maghain ng reklamo sa pamamagitan ng pagbisita sa wagesla.lacity.org.

PARA SA HIGIT NA IMPORMASYON, MAKIPAG-UGNAYAN SA OFFICE OF WAGE STANDARDS
1-844-WAGESLA (924-3752) WAGESLA@LACITY.ORG WAGESLA.LACITY.ORG

Bilang isang nasasaklaw na entidad sa ilalim ng Titulo II ng Batas kaugnay ng mga Amerikanong may Kapansanan (Americans with Disabilities Act), ang Lungsod ng Los Angeles ay hindi nandidiskrimina batay sa kapansanan at, kapag hiniling, ay magbibigay ng makatuwirang kaluwagan para matiyak ang pantay na access sa mga programa, serbisyo, at aktibidad nito.